

## Unawa – Mula Pag-iisa tungo sa Pakikiisa sa Kapwa: Ang Pag-iisip sa Panahon, Pag-asa, at Pagtanda /

### *Unawa/Understanding – from ‘Separate-ness’ to Shared Inner Self: Thoughts about Periods, Hope, and Ageing*

Roberto E. Javier, Jr.  
De La Salle University, Manila, Philippines  
roberto.javier@dlsu.edu.ph

**Abstrak:** Tinatalakay sa papel ang pag-uugnay sa paglawak ng pang-unawa at ang pagtanda. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa wikang ibinubunga ng karanasan (kultura), tinuklas ang pagbubuo ng kognisyon ukol sa *unawa* mula sa pag-iisa patungo sa pakikiisa sa kapwa pati ang pag-iisip sa panahon, pag-asa, at pagtanda. Pinagtuunan ng pansin ang mga pagkakaugnay ng mga kaisipang buhat sa wika at karanasan. Hinagilap sa leksikon at semantika, pati sa mga salitang naghahayag ng dinaranas-dinaramang daloy ng buhay (larangan ng karanasan), ang pagsisinop. Mula ang mga ito sa mga likha ng tao (binuong kultura bilang katibayan ng karanasan) tulad ng mga liriko sa popular na awit noong dekada otsenta ng nakalipas na dantaon, mga sinasabi dati pa, mga sinaunang salita, at sa paraan ng pagpapatig at pagbubuo sa wika. Iniugat, iniugnay-ugnay, at inisipan ng kahulugan at kabuluhan ang mga nakalap na salita’t sinasabi. Nalinang sa ganitong metodo ang paglalarawan sa paninibago’t pagbabago sa pagtanda na naisasakonteksto sa kultura at lipunan (hal. kapanahunan). Sa papel na ito, ang tinutukoy na ‘tumatanda’ sa tiyempo ngayon (oras) ay iyong lalabintaunin noong 1980’s at mga lilimampuin (edad 50+) na ngayon. Hindi lang may nagbabago (lalong gumugulang na katawan) kayâ naninibago, kundi may nag-iiba habang patuloy na dinaranas-dinarama sa daloy ng buhay. Ito ay ang paglawak ng unawa na kaugnay ng panahon at pag-asa. Gamit rin ang pamamaraang lingguwistika, siniyasat pa ang salitang *unawa* kung saan naiiugat ang kaluluwa (*nawa*, sinaunang salitang tulad ng *deva*, diwa, jiwa). Iisa ang batis ng pakahulugan sa *laya*, *raya*, at *saya* (*haya-an*, *baya-an*) pati ang *ka-ayo* at *kaaya-aya* (*ayon*, *ayos*) na lahat ay naiiugnay sa paglawak ng *unawa*. Nahihiwatigan na may pagsulong ng espiritwalidad na nakatuon sa *kapwa* mula sa pag-iisa tungo sa pakikiisa (sa Ingles, *integration not individuation*).

**Mga Susing Salita:** pag-iisip, panahon, pag-asa, *unawa*, kapwa, pagiging matanda.

**Abstract:** This paper presents a discussion in the development of understanding/unawa as it relates to ageing. In doing analysis of language, itself as product of experience (culture), the cognitive construction of human ‘understanding’ (unawa) is explored from the thinking and feeling of the ‘separate-ness’ to a ‘sense of shared inner self’ with the ‘other’ (kapwa). Explored are conceptions related to ‘understanding’ such as thoughts about life occurrences or events (panahon), hope (pag-

*asa), and becoming an older person whom has to remember or having memories (pagtanda). Data were drawn from lexical and semantic domains and the domain of experience. These were derived from lyrics of songs, old sayings, archaic words still in use today, and in how Filipinos say/hear the expressed words to articulate their meanings. In making interpretations, the tasks included tracing the roots of these words, relating them to personal and social life. Through this method, explanations are made about how one experiences life occurrences/events that results in having a sense of being old (change experience) and of being new (experiencing adjustments). Life is experienced through periods/time in a given culture e.g. pagtanda (being old in the now so as to remember life events in the past that are continuing in the present). This explains unawa. Unawa is traced from ancient Tagalog; linked to kaluluwa (similar to Sanskrit deva or Tagalog diwa which is like the English 'spirit'). Related to unawa are laya (kalayaan, freedom), raya (hiraya, imagination) and saya (magsaya, haya-an or 'let be', baya-an or give liberty), ka-ayo at kaaya-aya (ayon- in accord, ayos- in order). As a person advances in age, he/she expounds his/her understanding (paglawak ng pang-unawa); associated with spiritual growth, one seeks integration (kapwa) and away from 'separate-ness.'*

**Keywords:** *thought, life events, hope, understanding, shared self, memory, being old.*

## PANIMULA

Mas interesanteng tuklasin kung bakit sinasabing may mga 'táong tumanda na walang pinagkatandaan' kung saan idinadahilan ang kitid ng kaniyang *unawa*. Sinasabi na hindi nito káyang *unawain* ang kapwa lalo na ang maliliit sa kaniya, parang walang isip ni damdamin. Wala siyang *unawa*. May táong magaling mag-isip subalit kapos, kundi man salat sa *unawa*. May matalino, mayroon pang sobra nitong galing pero wala ni kaunting *unawa* sa kapwa dahil wala siyang 'paki' at 'damdamin,' manapa'y manhid, walang malasakit.

Maiiugat sa wika, sa paggamit nito ang sikolohiya. Masasabing magkakahabi (*weaved*) ang mga ideya sa iisang salita; halimbawa, nakahabi sa terminong (magpag-) tanda ang alaala (kaalaman), pagdanas (panahon), pagdama (pag-asa) na pawang sa isip nagaganap at may kaganapan (diwa). Magkakaugnay ang mga terminong ito na umiinog na iba't ibang dimensiyon sa isipan. Tinatalakay sa papel na ito ang pagkakaugnay ng mga pangyayari na nagbubunga ng pag-iiba sa kognisyon o proseso ng pag-iisip habang tumatanda ang tao. Inihahain ito na panimulang paliwanag sa sikolohiya sa paglinang pagpapakatao (tangkang salin ng Ingles na *human development psychology*).

Sinikap ipakita rito ang malalim na pagkakaugat ng sikolohiya ng pag-iisip sa wika, sa halimbawa ng pagpapaliwanag sa paglinang ng nararanasang isip—ang *unawa*; at ang pagkakahabi nito sa pag-iisip sa panahon, pag-asa, at pagtanda—ito ang mga dimensiyon sa kognisyon na nababago habang

tumatanda. Noon pa mang hulíng bahagi ng nakaraang dantaon ay tinatalakay na ng mga sikolohistang propesor sa Unibersidad ng Pilipinas, na sina Susan Cipres-Ortega (1980), Virgilio G. Enriquez at Elizabeth P. Marcelino (1984) na ang susi sa sikolohiya, sa pagdadalumat dito'y ang wikang gamit nito sa karaniwa't pang-araw-araw na búhay-Pilipino. Anila, ang dinadalumat di kasi ay iyong ibinubunga ng dinaranas at dinarama sa parati at sa pangkaraniwan. Nalililang sa gayon ang 'isip na tumutukoy sa *unawa* at kaalamang nararanasan' (Virgilio G. Enriquez nasa Pe-Pua, 2011). Nababatid ang *unawa* dahil naihahayag ito, nasa *weltanschauung* ito, alam kung ano ang mga pakahulugan nito, halimbawa sa mga aksiyon, interaksyon, at ekspresyon. Kayâ kung maririnig sabihing 'malayo pa ang umaga,' may *unawa* tayo dito sa tinurang mga termino sa isang awit. Ayon kina Angangco, Canto, at Toledo Jr. (Cipres-Ortega 57-62) ang pamamaraang lingguwistika ay malaon nang ginagamit sa pagtuklas sa makabuluhang kaisipan sa isang kultura. Anila, ang diin nitong lingguwistika ay sa semantika ng wika dahil iyon din ang isipan, na itinatawid naman sa talastasan. Ito anila'y isipang iniintindi upang pag-isahin sila sa kanilang komunidad, ipag-iba sila sa ibang komunidad, at itinatakda nito ang inaasaahang kilos, gawi, o tugon ng bawat isa doon.

Bakit may *unawa*? Ano ang *unawa*? Ano'ng inuunawa? Ano'ng ibinubunga nito? Ano ang kinalaman sa paglinang sa *unawa* ng naging karanasan sa mga kaganapan sa panahon, pag-asa, partikular sa pagtanda? Tulad ng nabanggit na, may mahigpit

na ugnayan ang mga konseptong panahon, pag-asa, pagtanda na nakahabi sa *unawa* sa dinaranas at dinaraanang pag-iiba, pagbabago, paglinang sa pagpapakatao. Sinikap sagutin ang tanong na kung ano ang *unawa* sa larangan ng lingguwistika, at sa eksperiyensiya sa búhay. Sinusugan ito ng mga batid na, i.e. sapagkat sinasabi ang mga ito sa parati, at pati iyong buhat sa mga dalubhasa, i.e. ang kanilang pananaw sa *unawa*. Hinagilap ang mga salita't sinasabi sampu ng mga kahulugan, kabuluhan, pati mga kaugnayan nito para iugat sa lingguwistika ang konstruksiyon ng kognisyon sa ka-*tanda*-an (tumutukoy ito sa pagtanda pati gunita, alaala, memorya) o ang nabubuong nilalaman ng isip, ng *unawa*. Matutunghayan sa sumusunod ang pag-uugat, pag-uugnay, at pagkatapos ay paglilinaw at pagpapaliwanag sa mga pangyayaring patungkol sa kaganapang ito sa isip habang dinaranas-dinarama at dumadaloy ang búhay-tao; at partikular nga dito ang pag-iiba o pagbabago nitong isip na kung saan ang *unawa*'y nalilintang na nakahabi sa *kaalaman* sa panahon, pag-asa't pagtanda. Mula ang datos, na pawang mga salita sa diskurso, sa karaniwang kahulugan ng ekspresyon, interaksyon, at aksiyon sa araw-araw. Nilangkapan ito ng mga halimbawang makapaglalarawan na hango mula sa sumusunod: [1] linya sa piling lumang awitin noong 1980's na katha ng mga karaniwa'y kalalampas lámang sa kanilang lalabintaunin nang panahong iyon. Ang mga awit pati na ito'y sumasalamin sa kanilang kaisipan bunga ng kanilang karanasan sa búhay; [2] tinuran ng mga Pilipinong palaisip sa kung ano ang búhay para sa kanila na naglalarawan ng hinuha't hinagap sa kung ano ang pangyayari sa búhay; at [3] sinabi ng ilang piling sinangguning eksperto sa pagdidiskurso, pagsasaling-wika at interpretasyon ng teksto sa kanilang paliwanag at paglilinaw sa mga tinuturan ng mga Filipino. Kayâ matutunghayan sa sumusunod na paglalahad na ang kantang ginamit na batayan sa pagpapaliwanag ay nasa loob ng panaklong ang piling liriko mula doon.

**Pagdadalumat: larangang leksikal, semantika, domeyn ng karanasan, hermeneutika.**

Sininop sa larangang leksikal at sa domeyn ng eksperiyensiya ang konstruksiyon nitong kognisyon na *unawa*, sa lalong paggulang at paglinang ng tao gaya sa pagtanda. Unang tinatalakay ang ugnayan ng mga salitang *panahon* (pagkakataon), *pag-asa*, at *pagtanda*, na hindi nga tinatakdaan, iba sa *time* at *space* subalit

iniluluwal pa rin na pangyayari. Ang mga nabanggit na salita'y iniugnay pagkatapos sa paglawak ng *unawa* na siyang naninibago, nanawid, at naibabagay sa paligid sa pamamagitan ng pagpapakatao't pakikipagkapwatao sa *pagdaan sa panahon*. Sa ikalawa, sa aspektong kognitibo at afektibo't pang-emosyon, gamit rin ang lingguwistika (kahulugan ng kataga pati pagsusuri sa pagpapantig) at ang domeyn ng eksperiyensiya, sinisiyasat ang mga salitang magkakatatunog, ang *nawa-awa-diwa*, *laya-raya-saya*, at *aya-ayo* (ayon/ayos) na tumutukoy sa, at naiugnay pa rin sa *unawa*.

Ang paggamit ng Filipino sa salita ay batay sa naririnig. Kung paanong narinig ang binigkas na salitang 'tubo' ay maiiba-iba ang kahulugan, maaaring tumukoy sa kita sa negosyo, halamang pinanggagalingan ng asukal, materyales na dadaluyan ng tubig, o paglaki ng isang halaman. Sa pagtatalakay, ginagamit na pantulong na ebidensiya ang mga hinagilap na liriko ng piling kantang popular noong 1980's na ang mga kompositor pati mang-aawit ng mga ito lampas na sa kanilang lalabintaunin noong panahong iyon. Ang *cohort* na ito nang 1980's ay lalampas sa lilimampuin hanggang sa 2020, halos *senior citizen* na. Ang henerasyong ito ang humuhubog sa mga hinagap, haraya, at halagahan ng mga kabataan para sa 21<sup>st</sup> century. Sa pangkalahatan, isinasagawa ang interpretasyon (*hermeneutics*) sa paglalahad ng kahulugan pati kabuluhan ng mga kataga sa mga piling kanta noong 1980's.

Tinatalakay ni Yoos (2009) ang gamit ng wika sa pagpapakahulugan at pagpapakabuluhan nito sa isang lipunang patuloy na bumubuo ng kaisipan at tumutuklas ng kaalaman. Sinimulan ang ganitong pamamaraan noon pang 1970's ng historyador na aral sa Sorbonne at propesor ng Unibersidad ng Pilipinas na si Zeus A. Salazar (nasa Cipres-Ortega, 1980). Sa paggamit ng panlapi, natuklasan niya na nag-iiba-iba ang kahulugan ng mga katagang nabubuo kung ikinakabit ang iba-iba nito sa salitang ugat gaya ng *hiya*. Natukoy niya na nalilintang ang kaisipang itinatakda nitong naiibang salita bunga ng paglalapi sa salitang-ugat dahil nag-iiba rin ang dimensiyon at domeyn nito, kayâ ang nahiya aniya'y iba sa napahiya. Sa pagtatalakay din ng Obispo Pablo Virgilio S. David ng Simbahang Romano Katolika at teologong aral sa Katholieke Universiteit Leuven, na sa kaniyang pag-hermeneutics sa karanasang maiugnay sa *mercy* ay nakahagilap siya ng katumbas nito sa Filipino (nasa David at Tomen, 2016). Naiugat ni David sa Tagalog

na *awa* at *habag* ang lapit nito sa *mercy* sa Ingles at *misericordia* sa Latin. Naikabit niya ang mga naturang emosyon sa diwa ng malasakit, pati sa pagpapatawad at pagpupunô sa pagkukulang ng iba. Sa gayon ay natukoy niya na itong *awa* at *habag* ay kaugnay ng kagandahang-loob, ng pagtulong.

Tunghayan natin ang isip sa panahon, pag-asa, at pagtanda. Nilapian ng *pagka* (baligtad ng *kapag*) ang ‘taon’ sa *pagkakataon*. Iisa ang ipinakakahulugan ng taon at panahon—tumutukoy sa naghahalinhinan na pagsikat at paglubog ng araw-buwan, sa nagpapalit na gabi’t araw ayon sa galaw ng santinakpan. Ang danas dito’y patuloy, mga pangyayaring walang patid, parati’t palit-palit lámang hindi totoong nag-iiba halimbawa, ang pagsilang at pagpanaw sa búhay (awit: ...sundan mo ng tanaw ang búhay, ang búkas). Sinasabing umiinog lámang ang mundo kayâ itinutulad ang búhay na parang ‘gulong’ umiikot (awit: ...ang búhay ay gulong ng palad). Kung isinasalin sa Ingles ang taon ay *year*, ang panahon ay *period* (maaaring *weather*, *phase*, *stage*). Ang taon kung tutuusin ay hindi pagbilang sa pagdaan ng mga araw na ayon sa kronolohiya o lohiko ng oras na tinakdaan ng bilang kung kaya’t nasusukat. Pansinin sa mga salitang ‘nagkataon,’ ‘itaon,’ ‘pagkakataon’ kung ano ang maipapakahulugan sa mga ito. Kayâ ang edad (Español), sa Ingles ay *age*, ay pagtatakda ng pagbilang sa dumaang araw. Ang ‘araw’ ay hinati-hati sa dalawang labindalawang bilang na tinawag na oras. Binubuo ng oras ang araw, ng mga araw ang buwan, ng mga buwan ang taon, at ng mga nagdaang taon ang milenyo. Sa gayon, kung lumipas ang higit-kumulang sa 365 araw ay isang taon ang nakaraan. Samantalang naiintindihan itong oras at edad, hindi lang dito nakatali ang danas, dama, at diwa ng daloy ng búhay. Ang pagtanda sa Filipino ay pagkakaedad lámang, ‘may edad na,’ na ang ibig ipahiwatig ay mas *magulang* na. Kayâ ang *age* ay ‘taóng gulang’ sa Filipino, badya ang pagdaan sa panahon ng tao at kung nasa gulang na’y sinasabing may *unawa* na. Ganoon din ang sinasabi kapag isa nang magulang, marunong na itong *umunawa* ng anak. Ang mas magulang/lalong nakatatanda’y may malawak nang pang-*unawa*. Kayâ kaugnay nitong *unawa* ang tinutukoy ni David na ang mayroon nito’y may malasakit at nagpapakasakit para sa iba. Sa kaniyang suri, ang *malasakit* ay mula sa *mala* (gaya ng mala-ginto) at *sakit* (dusa/hirap) na nangangahulugang paghihirap din sa kung ano ang hirap na dinaranas ng iba (David at Tomen, 2016). Ang *malasakit* kung

gayo’y magsisimula sa emosyon ng *awa’t habag*, na mauuwi sa pag-*unawa* sa abang kalagayan ng iba’t magtutulak para kumilos, tumulong, o gampanan ang gawaing makabubuti.

Sa *isip* na ang hulma’y may tiyempo (Latin *tempus*, sa Ingles, *time*), ang pagsunod sa takdang oras ay kaakibat ang pag-áalalá (*anxiety*) at alaála/gunita (*memory*) na kung di matugunan ay maikakabit sa pagkalugmok (*depression*) dahil sa pagkabigo na matamo ang gampaning nakatali sa orasan. Iba ito sa isip sa walang hanggan, ang habambúhay at habang panahon. Alinsunod din na pantukoy sa binilang na dumaang araw sa búhay ang taóng gulang o *age*. Taon at gulang (Ingles *year*, *maturity*) at sa ika-18 taon tiniyak ng tiyempo na nasa gulang na ang katawan ng tao i.e. episyente nang gumagana ang bahaging pambiyolohiya pati utak. Sa depinisyon ito, nadadagdagan nga ng bilang ang búhay pagkatapos ng bawat 12 buwan sa kalendaryong Gregorian. Sa Filipino, gaya ng nabanggit, hindi lang nagkakagulang (maaaring maging magulang), nagtatanda at nagiging nakatatanda (kahit hindi pa talaga matanda, gumulang na nang husto hindi lámang ang kaniyang katauhang panlabas, ang ka-tau-han [ka-taw-(u)-an]). May sinasabi pang ‘hindi marunong magtanda’ dahil hindi natututuhan ang tama at naipag-iiba ang mali. Hindi rin madaling mawari ang ibig sabihin sa atin ng pagtanda, matanda, tumanda, tumatanda (*ageing* itong lahat sa Ingles). Bukod sa ebidensiyang nakikita sa naibang anyo, may kaakibat na paliwanag ang paggulang ng tao, ng kaniyang pagtanda, ng paglinang. Sinasabi ngang ‘hindi tumatanda’ kundi nagiging magulang. Iba-iba ang maipapakahulugan dito. Una’y pagiging ama/ina sa mga anak na ang tawag ay pagmamagulang. Ang ikalawa’y pagiging ‘tuso’ o nadadaig ang iba sa ‘talino’ kayâ magulang. Ang ikatlo’y pagiging ‘hinog’ pero di naman ipinantutukoy sa tao kundi sa bunga ng halaman. Subalit inaasahan na ang magulang ay nakatatanda sa mga anak, sa mga bata. May nagsasabing ‘matanda na ang aking magulang’ subalit ama o ina pa rin na mas malawak ang pang-*unawa* kaysa kanilang mga nakababatang magulang o silang mga anak.

Ang tinutukoy na nasa hustong gulang ay maaaring iyong itinakdang edad na legál. Ayon sa batas, ito’y inaasahang may sarili nang pasiya’t may kakayanan sa pagsasarili, manapa’y marunong nang *umunawa*. Subalit lihis pa rin ito sa kinagawian dahil kahit pa nga hinahangaan ang kakayahang makapagsarili (hindi

ang makasarili) ang pinagtutuunan ng pagpapahalaga’y ang kapwa (Enriquez, 1994). Mapapansin na hindi karaniwang humihiwalay nang kusa ang Pilipinong tinakdaan na ‘nasa hustong gulang’ mula sa kaniyang mga magulang. Sa pagsapit ng edad 18 sa sukatan ng oras, hindi nagmamadaling lumayo/bumukod itong patapos na sa kaniyang paglalabintaunin o pagbibinata-pagdadalaga o kung nasa katawagang pang-*modernity* ay *adolescence* o *emerging adulthood*. Ang marami pa nga’y bahay lámang ang nililipatan, na malapit sa mga magulang. Ang maraming iba’y nakapisan sa kanilang magulang hanggang sa pagpanaw pa nga ng matatandang ama’t ina. Ang naghustong gulang ay sinasabihan ding ‘tumatanda ka na’ at hindi lang ‘malaki ka na’ dahil hindi na ito maliit na *bata* (katumbas nitong salitang *bata* ang *anak* sa Hiligaynon) at may sarili ng isip. Ang salitang ‘tanda’ kung tutuusin ay iyong alaala, gunita (pansinin sa ‘tandang-tanda ko pa noon’) o iyong naranasan na’t lumipas sa isipan na ibinunga ng danas at dunong sa dinaanang *kaniyang* panahon.

Kaya ang ‘nakatatanda’ ay may dalawang kahulugan, iyong tao mismo (mas may gulang kaysa *bata*) at iyong nagagawa ng isipan ng tao (maibalik ang alaala at maisip muli ang dating batid na’t may alalahanin o iyong nasa isip parati na dapat gawin). Sa gayon, ang *matanda* ay ‘may tanda’ o may alaala’t gunita, pati mga alalahanin din. Hindi lámang isa ang gamit nating kataga sa Ingles na *memory*, mayroon tayong alaala, gunita, alalahanin. Ang alaala ay isinasaisip ang naririyang pa, samantala ang gunita ay pag-iisip sa nawala na subalit di pa nawawaglit. Sa Sebvano, malapit ang *magmahay* sa alaala na may pananabik. Dalawa ang gamit nating salita sa Ingles na *forget*, waglit at limot. Ang waglit ay kaugnay ng alaala (maikling panahon) at ang limot ay sa gunita (mahabang panahon). Kung maalalang madali’y dahil nawawaglit lámang sa isipan. Subalit may alaalang sadyang di malimutang talaga. Mahalaga ang lumipas sa atin dahil kaakibat ito ng damdamin (awit: ...limutin man kita’y di ko magawa) kaya’t ito’y makahulugan o makabuluhan. Ang problema’y lilipas, dinaraan at dinaranas pero malalampasan din. Samantala, may alalahanin (kapareho ng Ingles na *commitment*) upang sa parati’y may isinasabúhay na buhat sa isipan kahit pa nga naglalaan hanggang sa kinabukasan lámang. Wala yata sa atin ang isipang *forgive and forget*, na kahit makapagpatawad ay hindi maaaring makalimot. Hindi nga ba’t di dapat malimutan ang *utang na loob*

na siyang *unawang* nag-uugnay sa nagkaloob ng búhay (ina’t ama, Maykapal) o nagpala sa kaniya (matalik na kaibigan, kabiya ng puso, nagligtas ng búhay, nagmalasakit). Hindi rin lilimutin lang ang lumipas na may pagmamalabis dahil walang pagkakatandaan. Hindi marunong magtanda, makitid pa ang *unawa* anila, kung ang kalabisan ay kinukupkop pa.

Kaya sinasabi na wala sa edad, nasa isip at iniuugali ang pagtanda. Hindi hinihintay ang pagtanda, manapa *matanda* na ang sinasabi nito sa sarili, tuluyan nang iniiba sa *bata*, isa pa’y idinadahilan ding dumarating naman ito nang walang pasabi. Isang araw ay magigising at lumipas na pala ang mahabang panahon na halos hindi na nga maalala ang bawat pangyayaring nagdaan maliban sa mga masidhing karanasan o pangako (awit: ...maalaala mo kayâ ang sumpa mo). Interessanteng idagdag ang sinasabing ‘isip-bata’ ang *matanda* at ang *bata* nama’y ‘parang *matanda* kung mag-isip’. Ang isang *matanda* sa gayon ay may isip na hindi na siya *bata*. Isa itong *unawa*. Sa Pilipino, ang pananaw sa búhay ay pagdaan dito, sinasabing isang pagdaan, at ang pagkamatay ay pagtawid sa kabilang búhay. Isang pag-aaral ang búhay dahil ang danas dito’y itinuturing nating dakilang guro (halimbawa, may natutuhan ka ba sa búhay?). Iba itong isipang ang búhay ay pag-aaral (sinasabing may aral sa búhay) sa Ingles na *life is a journey* o paglalakbay kung saan may mga daluyan doon (*developmental pathways*) sa pag-unlad. Sa parati, ang dumaraan sa búhay ay aral (kaaway-kaibigan, hirap-sarap). Tulad ng nasabi, ang taon at panahon ay iisa ang ipinapakahulugan natin, kayâ kung may pagkakataon ay may panahon. Hindi nakapagtataka na buo ang *pag-asa* dahil sa pananaw sa kawalang hanggan ng panahon maging sa búhay kayâ sinasabi pang ‘hanggang sa kabilang búhay’ dahil walang wakas ang isipan, mga ideyang iniluwal nito. Samantala hindi isinasaisip ang *years to come* kung hindi ang panahon ngayon hanggang búkas ang susunod dito’t sa mga susunod pang búkas na hindi malirip, kundi ang walang wakas na panahon. Ang ngayon at búkas ay tinitingnan na ‘taon’ kayâ may pagkakataon (taon-taon ginagawa), may panahon pa, at panahon na para kumilos. Ang masama-mabuting pangyayari sa búhay ay nagkakataon lang, anila. Kayâ may isipang kahit di sadyain o ni mithiin ay papalarin-mamalasin pa rin. Ang ekspresyon na ‘kahit manawari’ ay maipapakahulugan din na *pag-asa*.

Kung may hihingin, minamabuting itaon sa maganda ang gising o masaya ang hihingian, walang

sumpong, hindi masungit. May kasabihang ‘magbiro ka na sa lasing, huwag lámang sa bagong gising’ sapagkat hindi ito ang tamang pagkakataon, wala sa panahon (wala sa timpla). Ganito rin ang pagtáya sa paligid, itinataon ang mga gagawin kung hindi malakas ang hangin (gaya ng masungit ang panahon), di sobra ang init ng araw o kung mahinahon ang alon sa dagat. Ang pagtatáya ay pakikiramdam sa paligid, maging ito ma’y mapapisikal o sosyal, kayâ may pagkakataon, o napapanahon (Erasga, 2015). Maiisip pa nga na kayâ hindi nagpaplano dahil ang susunod na araw ay hanggang búkas lang talaga ang naiisip. Hanggang 1980’s, sikat pa ang komiks na may mga kuwentong sa hulí ng yugto’y may ‘...itutuloy’ at kinawilihan ang ‘wakasan’ dahil tapos na ang istorya sa isang basahán. Subalit nanabik pa rin sa kinabukasang ‘wakasan’ at ‘...itutuloy.’ Karugtong ng kahapon ang kanina. Pansin din ito sa mga palabas na teleserye sa TV at radyo, maging sa mga pelikula. Subalit may itinitira naman din siya sapagkat sinasabi ring ‘may búkas pa’ na darating (‘huwag ubos-biyaya, búkas nakatunganga). Pansinin din na ang tawag sa patay ay labí, iniwan ng búhay. Manapa, ang mga susunod na búkas ay bahagi ng habang panahon (awit: ... asahan mong sa habang panahon, alaala kita). Subalit ang búkas ay maikli. Kahit pa binibilang ang araw, sinasabing baka magsiyam-siyam (99) o magtatagal pa ang mga pangyayari tulad ng panay na pag-ulan. Subalit sinasabing ‘magsasawa din iyan!’ May sinasabi ring ‘balang araw’ na badya naman ay *pag-asa*. (awit: ... pagdating ng panahon, baka ikaw at ako). Walang katiyakan ang búhay subalit may *pag-asa* parati dahil patuloy ang panahon.

Ang *pag-asa* ay nasa sa *unawa*, sa habang panahon. May *pag-asa* na nararamdaman sa pagdanas sa panahon. Ang pagsasabing ‘noong unang panahon’ ay lumipas na nagpapatuloy sa ngayon, kayâ ‘may búkas pa’ (awit: ...may búkas pa sa iyong búhay). Ito ang *unawa* sa *pag-asa* (awit: ...asahan mong sa habang panahon). *Umaasa* sa búhay ang lalong tumatanda, maririnig silang magsasabing ‘kung may búhay pa’ o ‘habang may búhay’.

### **Ang búhay ay siya mong panahon, may pumapanaw subalit hindi sa habang panahon.**

Pana-panahon din ang mga pangyayari sa búhay kayâ naririnig na noong ‘kapanahunan ko’ ang mga pagkakataon noon ay ganito o ganyan, paano kayâ ngayon? Sinasabi ring wala pa sa panahon. Hindi pa

ito hinog o luto, hilaw pa’t kulang sa panahon o mura pa, hindi pa magulang. Wala pa sa hustong gulang, hindi pa nakapagpapasya para sa sarili niyang talaga, hindi pa na/makapagsasarili. Kahit pa nakapagsasarili na’y hindi hihiwalay nang tuluyan sa kinagisnan, sa parati’y nakakiling doon, ang ugat nito’y ang *utang na loob*. Isinasangguni ang búhay kahit pa nagsasarili na. Hindi mo pa panahon. Ito rin ang naririnig upang paliwanagan na ang mga pangyayari’y hindi pa para sa kaniya. Nararamdaman din ninuman kung panahon na nga niya. Kayâ yata ang papanaw na’y nagsasabi ring nararamdaman na niyang kaunti na lang ang nalalabi (ang naiiwang búhay) sa kaniyang panahon. Ang ‘panaw’ ay pag-alis sa tanaw (mawala sa paningin) sa kasalukuyan pero hindi sa habang panahon. Sinasabing ‘ako’y papanaw’ na (lilisanin na ang isang panahon o pangyayari, kaganapan). Maaaring aalis na sa usapan, sa umpukan ang papanaw o yayao. Mas malapit din ang ibig nitong ipahiwatig na mawawala sa, o mawawalan ng búhay. Kayâ yumao o pumanaw sa búhay. Ang búhay kasi’y tinitingnang nakahabi sa panahon. Batid na ang mga pagdiriwang ay kaugnay ng búhay (mula lambingan hanggang libingan), mapabertdey o mapaburolan man. Ang pakiramdam ay siyang gamit sa pakikibagay sa paligid maging sa sarili, sa pagdanas dito. Pinakikiramdaman pati ang sarili, kung panahon na nga ito para sa kaniya o kung ito ang pagkakataon. Maging ang pagganap o kaganapan na parehong mula sa ganap ay nakaugnay sa panahon. At kahit pa sa may sukat na panahon may *unawa* na ito’y pagkakataon, isang kaganapan, pangyayari. Kapag sinabing sa ganap na ganitong oras (ganap na ikasiyam ng gabi) ang kilos at kaisipan ay naisasapanahon kapara ng sa ispesipikong *time*. Sa halimbawang siya ang gumanap na pangulo, batid na ang pagganap ay pagsasa-panahon sa búhay. Isang *pag-unawa* ang ibinubunga ng danas-dama sa isang kaganapan, iyo’y may maaalaala’t matatandaan.

### **Sa bata na wala pang unawa at sa nakatatanda na may pagkakaunawa-(an) na**

Ang panlaping *pag* ay pinaikling *kapag* na kabaligtaran nga ng *pagka* kayâ may pagtanda, kapag tumanda, at pag(kaka)tanda. Itong pagtanda ay panahong sasapit pa lámang ang tao doon, kung kailan hihigitan nito ang pagkakahusto nang gulang partikular ang sa aspektong pambiolohiya’t pampisikal (pangangatawan/katauhang panlabas). Sa atin, ang ginagamit na panaklaw sa lawig ng búhay ay dalawa

|                |                                 |                 |
|----------------|---------------------------------|-----------------|
| (PAG-(KA) BATA | ----- (Hustong Gulang) -----    | (PAG)TANDA      |
| (KAPAG) BATA   |                                 | (KAPAG) MATANDA |
| (pag)usbong    | (U)      N      A      W      A | (pag)lawak      |
| KA-BATA-AN     | -----                           | KA-TANDA-AN     |

**Dayagram 1:** Tuluyang Bata-Matanda at (U)NAWA

lámang, ang bata at matanda (tingnan ang tuluyan sa Dayagram 1), sa pagitan nito’y paghuhusto ng gulang, pagiging magulang (nagiging ama’t ina sa mga anak, isang mag-anak ang pagmamagulang). Ang pagmamagulang ay hindi lámang sa sariling supling kundi pati sa sinumang bata (Hiligaynon *anak*, *anac* sa iba pang wika). Ang pinaghuhugutan ng katwiran sa kalinga sa bata ay ang kaisipang siya’y wala pang muwang, walang malay, di pa makaunawa. Sinasabi ngang ‘hindi pa nakakaunawa’ o wala pang sapat na *unawa*. Tao na subalit hindi pa nagpapakataong *totoo*, kayâ siya ang inuunawa. Kahit nga sa sinapupunan pa lámang sinasabing ang dinadala’y tao, kayâ kung iluwal ay tao. Ang nagbubuntis ay nagdadalanta. Ang sinapupunan ay bahay-bata, naroon ang anak/c. Kayâ kung kitlin ang nasa sinapupunan ay wasak (wakas) na búkas/panahon (na kaipala’y búhay). Sa ganito ring punto sinasabi na ang kumitil ng búhay ay pagwasak sa búkas (ang isipan na ang búhay kasi ay panahon). Sayang ang panahon sabi nga nila (sayang ang búhay) sa hindi dinarama’t dinaranas ang búhay. Sa pagkabata may palayaw pa nga. Ito’y *layaw* na ibinibigay ng magulang habang nagmamalay—ang pangangailangan na *unawa* sa kapwa-tao. Sa daigdig na ang ‘sarili’ rin ay ipapara sa iba o kapwa, magkaka *unawa* rin ang bata. Ang nag-iibigan nga’y nagkakaunawaan, naipag-iisa nila ang unawa sa isa’t isa. Walang patutunguhan ang hindi nagkakaunawaan bukambibig nga natin. Halimbawa, hindi rin lingid kay Andres Bonifacio na ang pag-ibig sa bayan ay siyang *unawa* sa kapwa-tao na nagbunsod sa kaniya sa isang himagsikan. “Aling pag-ibig pa,” aniya “ang hihigit kayâ sa pagkadalisa’y at pagdakila” (sinipi sa Mariano, 2009 p. 85) sa kaniyang bayang sinisiil ang búhay sa mahabang panahon ng mga dayuhan lámang sa kaniyang lupang tinubuan. Marahil nasupil ang layaw, nawalan ng laya ‘ang mga anak/c ng bayan’ (ang tawag nila Andres Bonifacio at mga kasama sa pamunuan sa mga kasapi ng Katipunan) sa pakikialam

ng mga Kastilang kolonisador sa kanilang panahon, sa kanilang búhay.

**Paglalabintaunin, paghuhustong-gulang: ang unawa’t pananawid-panahon, paparating na pagtanda, pagsasakabilang-búhay.**

Ang matinkad din na kinakikitaan ng lalong pagbabago ay iyong paglipat mula sa pagka/pagiging bata patungo sa pagiging matanda (pagtanda); ito’y ang papalapit na paghuhusto ng gulang, iyong kung tawagin ay pagbibinata o pagdadalaga (*a.k.a.* paglalabintaunin). Ginagamit din sa wika ang panlaping *nag* kung sa kasalukuyan nangyayari (*nagdadalaga*, *nagbibinata*), ng sinuman at maging anuman (ex. *nagpapahinog*) ang tinutukoy na piling kasarian (ex. *Pagdadalaga ni Maximo Oliveros*, 2005 pelikulang Indie). Kayâ nasasabing *naglalabintaunin*. Kung *mag* ang panlapi ang pangyayari ay paparating tulad ng nabanggit na, *magdadalaga*, *magbibinata*. Subalit hindi ginagamit ang mga panlaping *nag* at *mag* sa bata at matanda kundi *pagka* sa nauna, at *pag* sa nahuli. Iba ang ibig sabihin ng *nagtatanda* at *magtatanda* kung ihahambing sa *nagdadalaga* at *magdadalaga*. Tulad ng naihayag, ang kahulugan ng *nag/magdadalaga/bibinata* ay ang karanasan sa kalagitnaan ng tuluyang *bata-matanda*. Walang *nag/magbabata* o *nag/magmamatanda* at kahit pa tama ang pagsasabing may tumatanda mali ang sabihing bumabata kahit pabiro, dahil salungat ito. Alangan ito sa alituntunin sa wika manapa sa kalikasan ng tao lalo na sa pagpapakatao’t pagkatao. Samakatuwid hindi ganito ang pag-iisip tungkol sa karanasang pinagmumulan nito. Dahil nga isang tuluyan ang bata-matanda nasa pagitan lámang ang karanasang lalabintaunin (binata, dalaga) na nauuwi sa paghuhusto ng gulang sa búhay. Ang kaniyang panahon ng siya’y ‘bata’ ay tapos na, kayâ nagaganap na sa kaniyang sariling panahon itong pagtanda. Itong paglalabintaunin pati paghuhustong-gulang ay pananawiran (*transition*) lámang niya

tungo sa pagtanda. Kung ang bata ay malapit na sa paglalabintaunin sinasabi lámang na malaki na siya at kung malapit na malapit na ginagamit na pantukoy sa kaniya ang pagiging dalaginding o binatilyo (maliit na dalaga, munting binata). Ang paglawig ng panahon ay iniuukol hindi sa bata, kayâ nga ang pagtanda ay pantukoy sa dumaan nang pagkabata. Ang pag-iiba ay natatandaan na niya sa mga pagkakataon sa kaniyang pagkabata. Kayâ ang sinasabi'y *natatandaan ko noon*. Ang damdami't isipan ang nagtatanda sa mga pangyayaring naganap sa búhay sa dumadaang panahon. Alaala na sa parati ang lumipas na pagkabata, kabataan. Noong sambitin ni Jose Rizal ang 'sa aking mga kababata' tinutukoy niya ang mga kasinggulang na niya noong tiyempo ng propaganda laban sa España. Hinihikayat niya silang lumahok sa kilusan upang tutulan ang paniniil. Kayâ 'ang kabataan ang pag-asa ng bayan' aniya dahil sila na mismo ang paparating sa pagtanda, sila na ang matatandaan ng mga bata sa susunod na salinlahi. Sa tinurang ito ni Rizal hayag ang isang *unawa*, ang tanaw sa búkas ay siyang *pag-asa*.

### **Ang *pag-asa* ay pananaw sa búhay, walang wakas ang búkas: pagtawid sa panahon.**

Ang panlaping *pag* ay nagbabadya din ng pangyayari o kaganapan na may kahihinatnan. Maaaring maiiba mula sa dati ang isang bagay, anyo, gawi, kalagayan. Kayâ ang '*pag'tanda* ay may pag-iiba mula sa '*pagka'bata*. Sinasabi ng bata, '*pagtanda ko*' (pwede rin na ang ibig sabihin nito'y '*paglaki ko*') na isang pahayag ng *pag-asa*, isang pananaw sa panahon - pagtanaw sa búkas, sa búhay. Nagkakaroon na nang *unawa* ang bata. Maiiba pa ito sa daraana't daranasin niyang panahon. Maaaring maging malawak o kaya'y maging makitid at mawala pa nga ang *unawa* sa isang matanda. Ang '*paglawak*' ay mangangahulugan nang paglaki ng saklaw na naaabot ng isipan o isang pananaw (pagtanaw sa lalong malayo't malawak). Kung ilalarawan ko ito sa aking karanasan mismo, naiisip ko na ang iniintindi ko kasi ay ang mga imahinasyong nilikha ng *time at space*, ng paniniwalang may simula't wakas kaysa sa *walang hanggan* at ng panuntunang *sequence* kaysa sa *ikot*. Kayâ naitatanong kung paano nga ang pananaw sa walang hanggan? Kung mumuni-muniin, ang natatandaan natin ay ang mga nauna sa atin, kasama na rito ang mga pagkakataong dinanas nila at natin na rin, kayâ dumaan na sa nakalipas. Ang pananaw sa suliranin samantalang hilahil nga ng búhay ay bahagi namang sadya nito. Kayâ nga sinasabing

'may pinagdaraan' lámang ang may mabigat na problema, lilipas din ito gaya nang anumang dinaranas na hírap. Pati nga sa isang nag-aagaw-búhay o nasa napakahírap na kalagayan ay sinasabing tumatawid sa panahon. Sana'y makatawid sa isang panahon itong búhay na naghihírap. Ang 'araw at gabi' ay ganoon parati. Pinilit takdaan sa ibang mundo upang magkaroon ng hangganan ito sa isipang *time-space*, sa *sequence-order*. Sa Filipino, ang paglawak ay higit sa pagtatakda ng mga hangganan. Itong paglawak (kalawakan) ang nagaganap sa isipan sa pagdaan sa mga pagkakataong dinaranas ang paligid, ang mga pangyayari't kaganapan. Hindi ko minsan narinig na lumalawak ang *unawa*. Ang may maraming mahírap na pinagdaanang panahon at nakatawid ay lumawak ang *unawa*. Kung ang panlaping ikakabit ay *pag/pagka* sa *unawa*, ito'y sa isip na tukoy kung ano ang naiintindihan (*comprehension, understanding*). Kapag ang panlapi'y *pang*, (*pang-unawa*) ito'y mangangahulugang may damdamin pa (*affection, emotion*). Hindi lámang naiisip (naiintindihan) kundi nararamdaman pa itong naisasaisip o nasa isip. Kaugnay nitong *pang-unawa* ang kalooban dahil ang huli'y tumutukoy sa damdamin (Enriquez, 1994). Kayâ ang tumatanda anila'y *maunawain* (*understanding* bilang *quality*), di lámang isipan kundi may kalooban sa kapwa. Kaakibat na yata ito ng paghaba ng búhay. Hahaba ang búhay lalo't lumalawak ang *unawa*. Ang *unawa* ay kakayahan ng isipan na lampasan nito ang kaalaman, higitan ang karunungan, at daana't tawirin ang sariling panahon. Ito ang pagkakaroon ng *pag-asa* sa tuwinang tumatawid sa mahírap na (panahon sa) búhay.

### **Ang may *unawa'y* may kapwa: pagpapakatao't pakikipagkapwa-tao sa pang-unawa.**

Ang *unawa* ay hindi lámang isang talino, galing, dunong. Ito'y isang pag-iisip na may pakiramdam, talas ng isip na may damdamin—may kalooban. Sa pakahulugan nga sa sikolohiya ni Virgilio G. Enriquez, ito aniya ay "tungkol sa kamalayan na tumutukoy sa damdami't kaalamang nararanasan; sa ulirat na tumutukoy sa pakiramdam sa paligid; sa isip na tumutukoy sa kaalaman at pagkaunawa; sa diwa na tumutukoy sa ugali, kilos o asal; sa kalooban na tumutukoy din sa damdamin; at sa kaluluwa na siyang daan upang mapag-aralan din ang tungkol sa budhi ng tao" (Enriquez, 1994 p.3). Ang *unawa* ay pagiisip (*thinking*) na nakahabi sa damdamin, diwa, loob at

maging sa budhi. Itong *unawa*’y siyang kinahihinatnan ng pagdanas sa panahon (*pakiramdam* sa paligid), pagtugon sa mga pangyayari’t kaganapan (ugali, kilos, asal), sa pagpapakatao (*kalooban*, *kaluluwa*) at pakikipagkapwa-tao (*budhi*). Ang pagpapakatao’t pakikipagkapwa-tao’y siyang pamamaraan sa pamumuhay-Pilipino. Sa pagpapakatao’y nangyayaring natutuklasan ang iisang *loob* na may kapwa. Sa Pilipino hindi nag-iisa at nakapag-iisang talaga sapagkat higit na may halaga ang pakikiisa kaysa ang makaisa o maisahan ang kapwa dahil iisa nga ang *loob*. Kayâ nga ipinag-iisa ang hangarin sa lipunan dahil ang halagahin na *kagandahang-loob* ang mag-uugnay sa bawat isa sa karangalan, katarungan, at kalayaan (Virgilio G. Enriquez nasa Macapagal, Ofreneo, Montiel, at Nolasco, 2013 p. 12). Sa pakikipagkapwa nangyayaring natutuklasan ang *loob* (maaaring sarili) na *kasalo* at hindi *sinosolo* itong *loob* (kaya ‘ipinapalagay’ pa muna ito sa simula ng pagtutunguhan). Ang *ako* at ang *iba sa akin* ay kapwa, iyon nga’y iisa manapa’y magkabahagi ang mga *loob* tulad nga sa *pakikipagpalagayang-loob/ pakikiisang-loob* (iisa ang *loob*). Hindi sinasarili maging ang sinasabing *sarili* kahit pa inaasahang nakapagsasarili na nga kung nasa takdang gulang, dahil may *kapwa* (tingnan ang Talaan 2, sinipi sa Enriquez, 1994 p. 52). Ang paglawak ng *unawa* sa gayon ay may kinalaman sa pagkakatatagpo na iisa o kapara ang dangal ng bawat tao, ito’y *kapwa*-tao. Iniiba iba ng danas ang bawat tao ayon din sa nagiging tugon nito sa sarili’t paligid subalit ang pagiging *kapwa* ay hindi. Magkatulad ng *loob*, gaya nang nabanggit na, hindi nakahihigit ang sinuman, maaaring sa dunong at galing ngunit hindi sa pagkatao at dangal. Ayon mismo kay Emilio Jacinto, ang ‘Utak ng Katipunan’:

“Ang tunay na kabanalan ay ang pagkakawanggawa, ang pag-ibig sa *kapwa*, at ang isukat ang bawat kilos, gawa’t pangungusap sa talagang katuwiran...”

Ang gawang magaling na nagbuhat sa pagpipita sa sarili at hindi sa talagang nasang gumawa ng kagalingan ay di kabanalan...

Maiitim man at maputi ang balat, lahat ng tao’y magkakapantay, mangyayaring ang isa’y higitan sa dunong, sa yaman, sa ganda... ngunit di mahihigitan sa *pagkatao*.

Ang kamahalan ng tao’y wala sa paghahari, wala sa tangos ng ilong, at puti ng mukha, wala sa pagka-paring kahalili ng Diyos, wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa; wagas at tunay, na mahal na tao, kahit laking gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di napaaapi’t di nakikiapi; yaong marunong lumingap sa bayang tinubuan... ipagtanggol mo ang inaapi at kabakahin ang umaapi...” (sinipi sa Diokno nasa Aganon at David, 1985)

Pantay ang tao sa taglay na *loob*, na *iisa* at ipinag-iisa, kayâ *kapwa* ay dahil kawangis na may magkatulad na dangal, kapara sa nasa at nais na matamasa bílang nilikha. Sa gayon ang paglawak ng *unawa* ay ang maabot maisip na may *kapwa*-tao.

**Talaan 1:** *Antasan ng Pagtutunguhan ni Virgilio G. Enriquez*

| Pakikipagkapuwa          | Pag-iisa ( <i>individuation</i> ) |
|--------------------------|-----------------------------------|
|                          | Ibang-tao                         |
| Pakikitungo              | Pagsasarili                       |
| Pakikisalamuha           | Pag-iwas                          |
| Pakikilahok              | Paghiwalay                        |
| Pakikibagay              | Pagmamalaki                       |
| Pakikisama               | Pakikinabang                      |
|                          | Hindi ibang-tao                   |
| Pakikipagpalagayang-loob | Pagkukubli                        |
| Pakikisangkot            | Pagwawalang-bahala                |
| Pakikiisa                | Pagsalungat                       |

Samantalang ipinag-iisa ang mga katagang *pang-unawa*, *pagka-unawa* at *pag-unawa* ng salitang *unawa* (panlaping pang, pagka, pag) na tumutukoy sa kung ano ang *isip* o nasasaisipan di kaya’y iniisip, mahihinuha na may pagkakaiba pa ang mga naturang salita. Nabanggit na nga, na maipag-iiba ng mga ikinakabit na panlapi ang kahulugan ng mga naturang salita. Ang *pag-unawa* at *pagka-unawa* ay tumutukoy sa kung ano ang kahulugan o pakahulugan (pang *cognitive*), iniaadyang may nagaganap na proseso sa isipan (*thinking*). Kayâ naiuugnay ang lumang salitang Filipino, na malamáng mula sa Kastila na *intindi* sa Tagalog na *unawa*. Sa

madali't sabi kung naiintindihan ay may *unawa* (*it makes sense*, may *meaning*) sa anumang tinuran o natutunan mula sa itinuro. Ang *pang-unawa* ay may pagsasanib ng pakiramdam at pag-iisip (*affective-emotive, cognitive*). Ang *pang-unawa* ay tumutukoy sa kabuluhan (*relevance*) na malapit din sa mga salitang Ingles na *compassion*, *mercy*, at *empathy*. Kung kapwa-tao ang turing ay dahil may *pang-unawang* nakatatalos sa pag-iisip na ito. Nalalampasan ng tanaw ang turingang 'ibang-tao' sa 'hindi ibang-tao' lalo na kapag ang *kapwa* ay dumaranas ng dusa, dumadaing kayâ dinirinig at dinaramdam din. Maihahalimbawa dito ang pakikipagkapwa-damdamin na tinuran ni Ma. Lourdes A. Carandang (2016) at mga kasamang sikolohista na ibinunga aniya ng kanilang pagsaklolo sa mga nakaligtas sa mararahas na kalamidad. Itong pakikipagkapwa-damdamin aniya ang naglalarawan ng pagkakatuksa ng lakas mula sa *loob* ng kanilang mga *kapwa*-taong tinulungan. Manapa natamo pati nila sa pagsaklolo sa *kapwa* ang *pang-unawa*. May *lakas sa loob* kasing mapagkukunan ng kakayahan aniya sa pagsisikap na makatulong upang sa gayon ay maipanumbalik ang sigla sa buhay sa mga nasindak ng dahas ng delubyo. Sa ganito nga nananalamin ang tumutulong sa tinutulungan na pawang magkapwa-tao. Manapa, may *kapwa*-tao ang nagliligtas maging sa mga itinuturing na ibang-tao dahil naihanap ito ng dahilan sa *loob*, ang pagkataong may dangal. Kung gayon itinutulak ang pakikiisa ng *loob* hindi ng pag-iisa, ang sumaklolo sa *kapwa* (magkapara ang *loob*, magkatulad sa dangal).

Tunghayan natin ang isa pang halimbawa ng *pang-unawa* sa *kapwa*-tao. Pagkatapos nang *assassination* ng prominenteng politikong si Senador Benigno Aquino Sr. noong Agosto 21, 1983, lumabas ang mga interesanteng islogang may salitang *isa*. Isinasaad sa mga islogang ito ang nasa isipa't damdamin nila noon patungkol sa lagay ng politika sa bansa partikular ang mga relasyon ng mga táong pinag-uusapan at pinag-iisipan ang kani-kanilang papel sa istorya ng *assassination* - si Ferdinand E. Marcos Sr. na Pangulo noon (Presidente, 1965-1986) at mahigpit na katunggali ni Senador Aquino, si Rolando Galman na napatay din doon sa tarmac (kasama si Senador Aquino) at si Imelda Romualdez Marcos, ang Unang Ginang ni Presidente Marcos. Tingnan ang Talaan 2 kung saan mapapansin na sa tatlo o dalawang salita ay naihatid na ang mensaheng nais ipabatid nito (sinipi sa Enriquez at Protacio-Marcelino, 1984 p.

17). Noong panunungkulan ni Presidente Marcos sa ilalim ng idineklara niyang batas militar mahigpit ang mga patakaran pati ang pamamarusa. Nagbunga ng mga kilos protesta ang ganitong pamamalakad at sa mga paskil na naghahayag ng pagtutol nahihiwatigan ang pagsasaisantabi anila ng pakikipagkapwa-tao. Sa *hindi ka nag-iisa* ipinapaunawa na marami noon ayon sa mga katunggali ni Presidente Marcos na nasasa parehong kalagayan ni Senador Aquino na umaasa sa 'restorasyon ng demokrasya.' Ang mag-asawang Presidente at Ginang Marcos naman ang pinarirangan sa mga pahayag na *isa ka pa* (para sa Ginang) at *hindi ka nakaisa* (para sa Presidente) at dahil sa sila noon ang nasa poder ng gobyerno sa kanila isinisisi ang pagpaslang kay Senador Aquino. Gamit ang simpleng salitang *isa* may nauunawaang mensahe. Interessanteng ipunto rin na ang salitang *isa* sa pag-iisa't pakikiisa ay ipinag-iiba ng ikinabit na panlapi dito na nagbunga ng naiibang pakahulugan sa bawat isa rito. Ipinahihwatig sa mga islogang *isa* hindi lámang ang *pagkaunawa* sa mga pangyayari kundi ang pagpapahayag ng damdamin, ng *pang-unawa*. Mauunawaan pati sa mga pahayag na *naisahan ka* at *mag-isa ka na* na patungkol ito sa ibang mga 'karakter' sa kuwento sa naganap noon. Magiging matingkad sa memorya ang mga pangyayari noong kasagsagan ng *martial law* at itong *unawa* dito'y makaaantig ng damdamin. Kayâ silang saksi sa sitwasyon noon ay mag-iisip kundi man mababahala (kaugnay ng pananagutan) sakaling sabihing *martial law* ang pairalin sa pagpigil sa lumalalang kriminalidad sa lipunan. Samakatuwid, ang *unawa* nga'y nakahabi sa panahon, sa pagtanda sa mga pangyayaring dinanas, dinama sa daloy ng buhay.

## Talaan 2: Islogang *Isa*

Hindi ka nagiisa (Ninoy)  
Naisahan ka (Galman)  
Hindi ka nakaisa (Marcos)  
Isa ka pa (Imelda)  
Mag-isa ka na (Ver)

## Unawa - pag-uugat, pag-uugnay: kaluluwa + ginhawa, harinawa, siya nawa at ang dimensiyong ispirituwal.

Ang *unawa* ay maaaring mula sa *nawa* na siya ring tinutukoy na kaluluwa. Ito'y haka dahil ang wikang Tagalog ay *monosyllabic* sa pagbigkas, sa pagbubuo ng salita (*morpheme*) nagsasama ang patinig-katinig/

katinig-patinig, naglalapi, at nagkakaltas pa (panayam kay Emmanuel S. Gonzales, propesor ng Filipino sa Far Eastern University, ginawaran ng Komisyon ng Wikang Filipino bilang Natatanging Guro ng 2018). Gaya ng analisis ni Zeus A. Salazar (1998 p. 342) sa ugnayan ng *pamamahala* sa *pananagutan*, iniugat niya ito sa *bahala na* (e.g. ako ang bahala = ako ang may pananagutan). Kayâ ang pamamahala pati pamahalaan ay buhat sa *bahala* (pa + mahala + an) aniya pa. Kung kaltasin ang *u* sa *unawa* ang maiiwan ay *nawa*. Kayâ naririnig nating sinasambit ang *siya nawa* at *hari nawa* kung matapos mapaliwanagan o malinawan ay naisaisip na at maisasadiwa rin ang pinag-usapan. Ang *nawa* ay tumutukoy pati sa kaluluwa. Ang SLN sa puntod, ayon sa antropolohistang propesor sa UP na si Prospero R. Covar (nasa Santillan at Conde, 1998 pp. 75-85) ay may kahulugang ‘sumalangitnawa’. Ibig sabihin aniya’y ang *nawa* ng namatay o *kaluluwa* nito’y umakyat na *sana* sa langit. Sa Bisaya dagdag niya, may masamang *kaluluwa*, ang *yawa* (pesteng *yawa*). May halang ding *kaluluwa*, hindi tayong-tuwid. Mayroon pang walang *kaluluwa*. Manapa dahil walang *kaluluwa* ay walang (*u*)*nawa* o walang isip, walang sarili kayâ walang *pang-unawa*, at walang *pang-unawa* sa kapwa, walang *loob*. Ito ang naninila, naniniil, nanunupil. Ayon kay Covar ang ibig sabihin pa ng *nawa* ay *dalawa* na sinaunang salita, o *duwa* (pantukoy ng mga katutubong Hanunuo Mangyan para sa dalawa). Maaari aniyang may dalawang luklukan ang *nawa*, ang isa’y sa sentido (isipan) ang isa pa’y sa sikmura (katawan). Aniya kaugnay ang *nawa* ng *ginhawa* o ang danas-dama ng *buti* o *buot* (Tagalog/Bisaya), ng *ayos* o *ayo* (Tagalog/Bisaya), at ng ganda. May *ginhawa* kung may linaw ang sentido, malinaw mag-isip. Ang kalinawan ng isip ay siyang pakahulugang Filipino sa *mental health* (Enriquez, 1997 pp. 1-14). Kung may laman ang sikmura ay may *ginhawa*, may kalinawan ang *isip*, may *pang-unawa*. Hindi pagtatakan pa kung bakit masigla ang negosyo ng pagkain sa Kalye Maginhawa sa Lungsod Quezon dahil nakahabi ang *unawa* sa *ginhawa*, ang sentido sa sikmura. At pagkatapos ng unos isang ekspresyon ang sinasambit ng mga nakaligtas dito, ‘sana’y makakain nang maayos pati makapagpahinga nang tama para may ginhawa.’ *Hayahay* ang búhay sabi sa Bisaya kung may *buot* (buti) ang *hunahuna* (isip), may mabuting isipan.

Ang *kaluluwa* sa salitang Malay at Indones ay *jiwa* tulad ng *diwa* sa Filipino. Sa isang pagsipat sa baybayin, ang sinaunang paraan ng pagsulat at

sistema ng komunikasyon (e.g. dokumentasyon ng mga ekspersiyensiya), natuklasan na ang pagbaybay ay pagpapakahulugan na rin sa katagang nabubuo’t nababasa. Kayâ nga ang *diwa* ay galing sa *ri-wa* na mula sa *sariwa* dahil ang *ri* ay *di* (gaya ng *raw-daw rin-din ramdam-damdam*). Ito’y isang halimbawa ng suri sa *diwa* ng artist na si Rem Tanauan (nasa Obusan at Gavino, 2012 pp. 36-38). Sa kaniyang pagmumuni’y naiugat niya sa ‘higit na nakapangyayari’ o aniya’y ang *spirit* at ang *divine*. Dagdag niya, ang *diwa* ay *deva* sa Sanskrit na ipinantutukoy ng mga taga India sa *divine* o sa dakila’t makapangyarihan kaysa anumang nilikha. Sabi niya, ang iniuugnay sa *sariwa* ay isda na buhat sa dagat, mula mismo sa pinagkukunan kung wari’y walang hanggan. Hindi raw iba ito sa simbolong gamit ng isang *divine person* na si Hesukristo, sa kaniyang *ichthus* (Greek para sa isda). Sa mitolohiyang Tagalog maiuugnay ito sa mga *diwata* mga nilikhang higit na nakapangyayari sa tao at nasasa mga kalikasan nakalagi gaya ng gubat. Ang *kaluluwa*, na siya ring tinatawag na *nawa* o *diwa* (*jiwa*), sa gayon ay isipang nagmumula sa higit na dakila’t nakapangyayari sa lahat. Inilalarawan sa Dayagram 2 ang ispirituwal na dimensiyon ng *unawa*, ang pakikipag-ungayan sa *divine being*. Isang kapaniwalaan ang matutunghayan dito, isang nilalaman ng kaisipan na natutuklasan sa pagmumuni, sa pakikiramdam. Samakatuwid, ang may paglawak ng *unawa* ay nakapag-uugnay sa *deva*, *diwa*, *nawa* sa higit na nakapangyayari. Hindi nakapagtataka na marami sa mga táong ‘may pinagkatandaan’ kung ituring natin, ang may malawak nang *unawa* lalo pa sa kaniyang *kapwa-tao*.

|                   |   |   |   |    |
|-------------------|---|---|---|----|
| U                 | N | A | W | A  |
| (G I N            | H | A | W | A) |
| H A R I           | N | A | W | A  |
| (K A L U L U W A) |   |   |   |    |
| S A               | R | I | W | A  |
|                   | J | I | W | A  |
|                   | D | I | W | A  |

**Dayagram 2:** Ispirituwal na Dimensiyon ng *Unawa*

Interesante ring suriin sa teksto ng gamit ang *unawa* sa nagiging interpretasyon nito mula mismo sa pagsasabúhay. Ito ang isinagawa ng paring propesor na si Delfo Canceran, isang sosyolohista’t teologong Dominiko sa Unibersidad ng Santo Tomas na aral sa Katholieke Universiteit Leuven sa kaniyang paghermenyutika. Aniya alinsunod sa ngalan na *Hermes*

ang *messenger god* ang *hermeneutics* (Greek na *hermeneutikos*) ang itinawag na paraan ng pagsasalin (*interpretation*) o pwede ring pagpapakahulugan sa teksto. Ang *unawa* aniya'y may kahulugan na pagkakaroon ng *awa* sa kapwa-tao. Ayon sa kaniya ang may *awa* ay hindi sa aspektong pang-*cognitive* lámang bagkus ito'y may pang-*affective* o *emotive* na aspekto. Ito'y sinusugan ni Raquel Sison-Buban, ispesyalistang tagasalin ng Komisyon sa Wikang Filipino at propesor ng Filipino sa Pamantasang De La Salle - Maynila, na aniya may *ramdam* ang *unawa*. Dagdag niya kung inintindi ay nakuha ang kahulugan samantala kung inunawa ay nahagip ang kabuluhan kayâ itong huli aniya'y mas personal. 'May *awa* ang Diyos' sabi nga nila dahil ito ang lapit ng kapit ng kaluluwa (*nawa*, *diwa*, *deva*) sa Higit na Nakapangyayari. Isa pa'y sa pagsasabing 'may *awa* ang Diyos' nababanaagan nito ang búkas, may *pag-asa*. Hindi nakapagtatakdang sambitin ng nakaligtas at nakatawid sa unos o dusa ang 'sa *awa* ng Diyos' kayâ tuloy ang búhay, ang panahon. Sa ekspresyong 'pagpalain ka *nawa* ng Diyos' (kasihaan ka *nawa* ng Maykapal) hinihingi sa higit na may kapangyarihan sa lahat ang magbigay ng biyaya sa *kaluluwa*, sa *unawa*. Ito'y dalangin na sana'y may mapala ang *kaluluwa*, maabot ng *unawa*. At sa isang táong 'tumanda pang lalo' at hindi nagiging palalo, sinasambit niya na 'may *awa* ang Diyos' dahil may darating pang búkas, 'tuloy tuloy ang búhay.' Sa paghehermeneutika nga ni Obispo David naihanap niya ng kasingkahulugan ang mga katagang *mercy* at *compassion*. Dalawa ang mga salitang Tagalog para sa *mercy*, ang *awa* at *habag*, ang *malasakit* aniya ay kapareho ng *compassion*. Ang *awa* at *habag* ay nasa *affect*, ang nauna ay pagdama sa *sakit* ng iba samantalang ang nahulí ang siyang magpapagalaw upang gumawa para sa ikabubuti ng *kapwa*, ang *pagmamalasakit*. Idinahanap niya na may uganayang semantiko ang *habag* at *bagabag* (David at Tomen, 2016). Itong *bagabag* ay kagnay ng *budhi*. Ang kaluluwa naman ang daan sa *budhi*. Sa gayon ang may *unawa* ay may *kaluluwa*.

**Ang lawak ng *unawa*, ugnay sa halagahing panlipunan: kahulugan at kabuluhan ng kalayaan, karangalan, kapayapaan - *laya-raya-saya*.**

Iuugnay ngayon ang *unawa* sa *pagtanda* at sa mga halagahing panlipunan (*societal values*). Ang ugnay ng *unawa* ay natutunghayan sa salita, sa pagkakabuo

nito at sa pag-iiba bunga ng gamit ng panlapi pati ng pagpapalit ng titik sa isang salita. Napupuna na kahit nag-iiba ang kahulugan ng kataga, magkakahabi pa rin ang mga ito sapagkat umiinog sa iisang kaisipan, kalinangan. Sa halagahing panlipunan na kalayaan, may ugnay sa *diwa* ang *unawa*. Pansinin ito sa mga pagbubuo sa mga salitang pagpapalaya at pagpaparaya pati sa *kaaya-aya* (Tagalog) at sa *ka-(ma)-ayo* (Bisaya). Ang *laya* at *raya* ay parehong sa isipan nasusumpungan. May *laya* na mag-isip sa kung ano ang ibigin o naisin nang hindi masasaklawan ni masisikil ng anuman o ninuman. Itong *laya* ang dahilan kayâ nakalilikha sapagkat walang pagbabawal o pagpigil sa *isip*. Masusumpungan sa *laya* ng *isip* ang sarili, pati ang *pagsasarili*. Kayâ kasingkahulugan ng *kasarinlan* ang *kalayaan* sapagkat ang kasarinlan ay mula sa *ka-sarili*-(n)an o pag-ako sa sarili. Ang *pagsasarili* ay pag-angkin nang sa kaniya- sarili ang *isip*. Kung palayain ang *isip* sa panunupil o paninikil, pagpipigil o paniniil dito, mapa sa kaniyang *isip* o ng ibang may *isip*, ay may *pag-asa* at may *unawa*. May *laya* sa pangarap, may sarap sa *laya* kayâ may pagpaparaya. Walang makakahadlang sa *isip*. Ang may pangarap ay may *unawa* sa pagkamaaaring katuparan ng nasa *isip*. Ang may pangarap ay may *pag-asa*. Umaasa sa katuparan ng nasa *isip*. Ito ang pagtanaw, ang *isip* sa paparating na búkas. Ang ekspresyong 'hinaharap na búkas' ay iba sa *future*. Ipinag-iiba ito ng isip sa layo at lapit, ang harap ay nasa unahan lámang ng iyong tanaw (harapan). Mahihiwatigan din sa may *unawa* na, (o nagsisimulang magkaroon nito) ang katumbas na ekspresyon, tulad sa pagsasabing, 'paglaki ko' o 'sa aking pagtanda'. Samantala ang paglawak ng *unawa* ay *paglaya* din naman sa pagtanggap sa di natupad na pangarap. Ang pagtanggap na wala nang katuparan ang nasa isip at doon lámang ito mawawari di man mawaglit ng tuluyan. Maririnig na sinasabi ng mga hindi nagkaroon ng yaman sa paparating nilang pagtanda na tanggap (*acceptance*) nila ang hangganan ng pangarap subalit hindi ng *pag-asa*. Nasa isip pa rin ang pangarap kayâ may pananaw pa na 'kung sakaling palarin' ang pangarap ay kamtin. Sa gayon hindi nawawalan ng *pag-asa* ang nagpapalaya sa pangarap. Sa matatanda madalas na kanilang ipinapasa at ipinamamana ang pangarap sa mga anak, apo, o nakababata. Ito ang ipinaunawa ni Jose P. Rizal sa pagsasabing 'kayong kabataan ang *pag-asa* ng bayan'. At kahit nasa kabilang búhay na'y nakaugnay pa rin ang isip sa naunang nabúhay sa kaniya (awit: ... asahan

mong alaala kita saan ka man naroroon). Sa gayon, nakahabi ang *unawa* sa isip sa *pag-asa* sapagkat nagpapatuloy ang daloy ng búhay.

Ang *raya* ang nililikha ng isip na naihayag o nagiging ganap. May *laya* sa *raya*. Kayâ may *raya* doon sa panaginip sapagkat may layang naihayag ito ng *isip* o hinahayaan ang isip na siya na itong bahalang lumikha, *haraya*. Maiuugnay pa sa *haya-an*, *baya-an* ang *raya* i.e. sa *pagpaparaya* ay may *pagpapa(u)baya*. Nangangahulugang naisasaisip ang *pagpaparaya* (*hayaan* o *bayaan* na mangyari o maganap). Sa pagsasabing ‘magparaya ka sa bata’ ipinakakahulugan na *hayaan* silang maging bata - makapaglaro, magsaya, maging magalaw. Dahan-dahan ang pagdating ng *unawa* ng mga bata. Kayâ paulit-ulit ang kanilang pagtatanong, panay ang galaw sa mga bagay-bagay at ginagalugad ang paligid. Samakatuwid ang nakatatanda (sa isang bata) na nagpaparaya (nagpapaubaya) ay dahil may paglawak sa kaniyang *unawa*. Ang marunong magparaya ay malaya rin. Naririnig na sinasabing ‘ipinaubaya na sa Diyos’ ang wala nang lunas o kung labis na ito para sa kaniyang kakayanan. Ang nagpapaubaya ay lalong *malaya* dahil di na tali ang isip sa alalahanin. Kayâ ang *raya* rin ang batis ng sining na nagdudulot ng pagkamangha sa mga makamamalas sa nililikha nito gaya ng lilok, ukit, habi, katha, sulat, sayaw, awit, dasal, guhit, gusali at iba pang bantayog na nagpapaunawa. Ang mga ipinapakahulugan sa mga ito’y ang *kaluluwa* – ang *nawa* (diwa). Nabanggit na, may *sarap* pa sa *pagpaparaya*. Ganito rin ang pakikiugnay sa nagpupuyos na galit ng bagyo/bulkan, nagpaparaya’t pansamantalang nililisan ang kinaroroonan at nagbabalik lámang kung *payapa* na ang paligid. May katibayan ito sa *diwa* ng mga katutubo, na lumalagi sa mga ilang na kabundukan, mga Ita (Agta). Nililisan nila ang pook kung saan pansamantalang pinananahanan nila kung hindi na nila ito maangkupan. Ugali nila na lisanin ang lugar kung wala ng makukuhang pagkain doon, sa gayon nakapagpapahinga anila ang lupa sa bumubungkal dito. Ito’y *unawa* sa pakikitungo sa kanilang paligid, *pagpaparaya* ito, kayâ rin *malaya* silang libutin ang kalupaan at tumira kung saanman. Kapag bumubuhos ang matinding ulan o umiihip ang malakas na hangin, *hinahayaan* ito’t hinihintay na dumaan sa panahon. Dumaraan lámang ang mga bagyo at hindi nananatili kayâ sinasabing lumilipas lang din pati sama ng panahon.

Maihahabi sa *unawa* ang *isip* sa *kaayaaya* (o kagandahan) at sa *kaayusan*. Tunghayan ang mga salitang ugat na *aya* at *ayo* (Tagalog ang *una*, Bisaya ang *huli*). Tingnan sa ilang halimbawa ng nilapiang *aya* at *ayo* gaya ng *kaayaaya* sa Tagalog at *kaayo* (o *maayo*) sa Bisaya. Magkasingkahulugan ang Tagalog na *kaayaaya* at ang Bisayang *kaayo*. Ipinapakahulugan ng parehong salitang nabuo sa paglalapi, kung ano ang mabuti, maganda, maayos. Ang *kaayaaya* ay nangangahulugan ding nakakalugod. Ang *nalulugod* ay nasisiyahan at nagiging masaya. Ang *kaayo* ay anumang nakapagpapasaya’t nakapagpapasigla. Manapa sa Tagalog-Bisaya na *aya/-ayo* maaaring maiugat ang mga katagang *ayon* at *ayos* na tumutukoy sa nakasisiya o nakalulugod. Ang nakasunod ay nasasatama at nasa tuwid kayâ ito ang siyang nakaayon o nasaayos kaya’t nakalulugod. Mayaman din ang panawag sa *wala sa ayos*- hindi nakaayon: mali, daya, halang, baluktot, labag, kulang, labis, lihis, balagbag, taliwas, sala, salungat. May nawawala’t nawawaglit sa *isip* kung wala sa *ayos* o di nakaayon, kayâ ang *unawa* ay nawawaglit. Kapag hindi pantay ang nakikita na dapat ay nasa tuwid, halimbawa kung ang itinatayong pader at poste ng bahay ay nakapaling, sinasabing wala sa hulog, kailangang ilagay sa *ayos*. Kung ang sasakyan ay hinimpil sa lansangan subalit hindi nakatabi sasabihing nakabalagbag dahil wala sa *ayos*. Kayâ kung bababa ng dyip sinasabing ‘lugar lang’ dahil doon ang tamang himpilan. Kapag ipinipilit ang mali sinasabing ‘wala sa lugar’ sapagkat hindi maayos ang iniuugali. Ang wala sa *ayos* ay ‘inilulugar’ din. Ang bata’y sinasabihang ‘umayos’ upang ibagay ang ikinikilos sa iba, sa nakaayon. Ang lugar at puwesto ay magkasingkahulugan dahil ibinabadya ng parehong salita ang kakayanan at kapasyahan na nakaayon, nasaayos. Kayâ ang nasa puwesto o ang nasa lugar ay kapangyarihan din ang ibig sabihin dahil sa kakayanang nakaayon, nasasaayos. Ito ang isip sa Pilipinong politika ani Antonio P. Contreras (2014), propesor ng agham pampulitika sa Pamantasang De La Salle. Ang sabi niya, ito ang pagsasaayos na dapat gamitin sa pagbubuo ng mga patakaran ng estado. Maiugat itong kaisipan sa pagsasaayos ni Propesor Contreras sa halagahin sa *kapwa*. Pinakamalapit ito sa isipang *bahala* (na) gaya ng ‘ako ang *bahala*’ at ‘ako ang nababahala,’ na sa pagsusuri ni Propesor Salazar (1998 p. 342) ito ang pinagmulan ng pamamahala (namamahala) at ng pamahalaan (hindi katumbas ng Ingles na *governance* at *government*).

Gaya ng nabanggit na, ang nababahala ang siyang may sagutin dahil inaako niya ito. Sa ganitong punto, ang namamahala at ang pamahalaan ang siyang may pananagutan. Samakatuwid ang nasa puwesto ay dapat nasa *tama*, nasa *tuwid* at nababahala. Doon nga sa may Bundok Banahaw may katibayan ito, sapagkat ang mga mananampalataya doo'y namumuwesto, dalangin nila sa mga naroroon (sa puwesto) na higit na nakapangyayari't nakalulugod na sila'y magkaroon nang *unawa*. Sa ganitong paliwanag, ang may *unawa* ay nasa *tuwid*, ang nawaglit ang *unawa* ay nakapaling. Kayâ ang *halang* ang *kaluluwa*'y hindi matuwid, wala sa wasto ang *unawa* (wala ang *diwa-deva*) sa *kapwa*-tao. Samantala ang walang *kaluluwa* ay nilisan na yata nang (u)*nawa* (nawala ang *unawa* - ang *isip*) kayâ sinisila kundi man sinisira ang sa *kapwa*-tao. Sapagkat walang *unawa* hindi nagpapakatao at lalong hindi nakikipagkapwa-tao. Hindi na dapat pagtakhan ang pagsasabi ng *tao po* sa Tagalog ay tulad ng *ayo* sa Bisaya. Ang nagpapakatao ay nasa *ayos*, nagsasa-*ayos*.

Natutunghayan na ang paglawak ng *unawa* ay nakahabi sa *isip* sa panahon, sa *pag-asa*, at sa *pagtanda*. Naiuugnay ang *unawa* sa mga halagahin sa lipunan tulad ng pag-iisip sa *kalayaan* (sa *pag-laya*'t *pagpaparaya*), sa kaayusan (sa *kaayaaya*, *kaayo*). Samantala may ipinantutukoy din sa mga waglit ang, o walang *unawa* (nawawala ang *nawa*). May mga pabigat, palaasa, paurong ang pagtanda, *pabaya*, pasaway. Kunitid sa halip na lumawak ang kanilang *unawa*. Sa gayon, nagiging katangian ang dapat ay naisasakapasyahan na kakayahan ng isipan, nang kaniyang *unawa*. Sa táong kunitid ang *unawa*, ginagawang pabigat o iniaasa na lámang pati ang sarili sa iba. Hindi ito pagpapakatao't lalong hindi pakikipagkapwa-tao. Nagmumurang kamias naman ang sinasabi sa mga paurong ang pagtanda sapagkat kumikitid ang *unawa* sa iba kayâ kung hindi man ito'y isip-bata pati ang mga bata'y pinapatulan pa. Ang *bata* nga sa Hiligaynon ay *anak* naman sa Tagalog. Kayâ kung nakababata sa iyo't nasa hustong gulang o ma(y)-gulang ka na, anak mo na ring dapat ituring sila dahil ito ang nagbabadya ng *pagtanda*, ang paglawak ng *unawa*. Ang mga *pabaya* at pasaway ay nagwawaglit ng kanilang *unawa* lalo na sa *kapwa*-tao. Sa pagpapabaya, hinahayaang hindi gampanan ang hinihingi ng pagiging ma(y)-gulang at sapagkat ito ang nasa katuwiran (ka-*tuwir*(tuwid)-*an* o nasa *tama*). Hindi kasingkahulugan ng pa(u)*baya* ang *pabaya* dahil ang una'y may

pananagutan at pananalig samantala ang ikalawa'y wala. Kung ipa(u)*baya* ito, nangangahulugang may pagkilala sa kakayahan ng pinagkakalooban. Ang 'ipa(u)*baya* sa Diyos' ay paglalagay ng tiwala sa Higit na Nakapangyayari. Sa mag-'pa-*baya* o pa-*baya-an*' ang dapat ay kaniyang tungkulin, ibinabadya nito ang kawalan/ kakitiran ng *unawa* halimbawa, sa bata (anak) o *kapwa*. Ang pasaway (pagsuway, pasalungat) ay iyong hindi iniaayon o wala sa *ayos* ang pagganap nito sa hinihingi, na siyang nasa tuwid/ nasa *tama*. Tahasan ang pag-labag/ hindi pagsunod sa kalugudlugod, sa *kabutihan* – ang *tama* (buti, ganda) na naidudulot para sa lahat (sa mga panlaping, ka - - h/an tinutukoy ang lahat, tanan/buo). Sa alinman sa halimbawa ng mga umikli ang *unawa* – sa kanilang palaasa, paurong ang pagtanda, *pabaya*'t pasaway ay hilahil ang pagpapakatao't pakikipagkapwa-tao.

## ILANG KONGKLUSYON

Mahihiwatigan na ang paglawak ng *unawa* ay kaakibat ng *panahon*, *pag-asa*, *pagtanda* at maging sa *pag-iisip* sa matuwid. May *pag-asa* sa may pangarap, umaasa kahit pa sa panaginip. Sadya itong mga tanda ng *unawa*. Ang *unawa* ay tumutukoy din sa *kaluluwa* na kapara naman ng *jiwa*, na tulad ng *diwa/deva*, na *spirit/sacred* din ang kahulugan. Ang ugat nitong *unawa* ay ang pananalig sa walang hanggan (sa panahon, sa Higit na Nakapangyayari). Ang *pagtanda* ay tigib ng *pag-asa* dahil sa patuloy na dinaranas at dinaraan ang *panahon* (na tumutukoy din sa *pagkakataon*) sa daloy ng búhay-tao, at sa pakikipag-ugnay pati pakikibagay nito sa paligid. Ang paglawak ng *unawa* ay pagtataglay ng mga kakayanan at kapasyahang bunga ng isip at pakiramdam. Ang *isip* na *unawa* ay may *laya* (*raya*), *nakaayos* (*naka-ayon*) dahil nasa *tama* (tuwid) na daloy ng búhay-tao.

## SANGGUNIAN

- Aganon, Ma. Assumpta at David, Allen, eds. *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw, at Kaalaman (New Directions in Indigenous Psychology)*. Lungsod ng Maynila: NBS Inc., 1985 Print.
- Canceran OP, Delfo Personal na komunikasyon. Mayo 4, 2016.

- Carandang, Ma. Lourdes A.. *Pakikipagkapwa-damdamin: Accompanying Survivors of Disaster*. Pasig City: MLAC Institute for Psychological Services, Inc., 2016. Print.
- Cipres-Ortega, Susan. *Ulat ng Ikalabindalawang Seminar sa Sikolohiya ng Wika: Kasalukuyang Kalakaran sa Sikolohiya ng Wika*. Unibersidad ng Pilipinas. Quezon City: National Computer Center, 1980. Print.
- Contreras, Antonio P. "Ang Konsepto ng Pagsasaayos Bilang Panimulang Postkolonyal na Pagdalumat Pulitikal sa Panahong Postmoderno". *Diwa E Journal*. 2.1 (2014) Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Print.
- David, Pablo Virgilio S. at Tomen, Nina L.B. *The Gospel of Mercy According to Juan/a*. Makati City: St. Pauls Philippines., 2016. Print.
- Enriquez, Virgilio G. Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology and Cultural Empowerment. Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino. Quezon City: Pugad Lawin Press, 1994. Print.
- . "Kalinawan ng Isip: Pakahulugang Pilipino sa Mental Health". *Virgilio G. Enriquez Monograph Series* 1. 1 (1997). Lungsod ng Maynila: Virgilio G. Enriquez Memorial Foundation, Inc. Print.
- at Elizabeth P. Marcelino. *Neo-Colonial Politics and Language Struggle in the Philippines: National Consciousness and Language in Philippine Psychology 1971-1983*. Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, Philippine Psychology Research and Training House. Quezon City: Rapid Litographic, 1984. Print.
- Erasga, Dennis S. "Pakiramdaman: Isang Maka-Pilipinong Lapit sa Pagdadalumat sa Sosyolohiya (Pakiramdaman: A Filipino Brand of Reflective Inquiry in Sociology)". *Humanities Diliman: A Journal on Philippine Humanities*, 12. 1 (2015). Print.
- Macapagal, Ma. Elizabeth J., , et al. *Social Psychology in Philippine Context*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013. Print.
- Mariano, Vicente D., ed. *Sining-Bayan: Art of Nation Building*. United Nations Development Programme Philippines, UP National College of Public Administration and Governance, and Bagong Lumad Artists Foundation, Inc., 2009. Print.
- Obusan, Teresita B. at Minifred P. Gavino. *Baybayin Atbp. Mga Pag-aaral at Pagpapayaman ng Kulturang Pilipino*. Quezon City: WWCEA Graphic Services, 2012. Print.
- Pe-Pua, Rogelia E., ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2011. Print.
- Salazar, Zeus A. *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1998. Print.
- Santillan, N. M. R. at M.B.P. Conde, mga ed. *Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda Ukol sa Diskursong Pangkasaysayan*. Lungsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan (LIKAS), 1998. Print.
- Sison-Buban, Racquel Personal na komunikasyon. Hunyo 25, 2016.
- Yoos, George E. *Politics and Rhetoric: Coming to Terms with Terms*. New York: Palgrave Macmillan, 2009. Print.